

## ASCENSION MICHIGAN

### Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal

May panata sa at iginagalang ng Ascension Michigan ang dignidad ng bawat tao nang may espesyal na malasakit sa mga nahihirapan sa mga hadlang sa pag-access sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. May pantay na panata ang Ascension Michigan na pamahalaan ang mga mapagkukunan ng pangangalaga ng kalusugan bilang serbisyo sa buong komunidad. Para sa pagpapalawig ng mga prinsipyong ito, nagbibigay ang Ascension Michigan ng tulong pinansiyal para sa ilang indibidwal na nakatanggap ng pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa Ascension Michigan. Nagbibigay ang buod na ito ng maikling pangkalahatang-tanaw sa Patakaran ng Ascension Michigan sa Tulong Pinansiyal.

#### **Sino ang Karapat-dapat?**

Maaari kang makakuha ng tulong pinansiyal. Karaniwang natutukoy ang tulong pinansiyal sa pamamagitan ng kabuuang kinikita ng sambahayan na inihahambing sa Pederal na Antas ng Kahirapan. Kung mas mababa sa o katumbas ng 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan ang kinikita mo, maaari kang makatanggap ng 100% kawangawang pangangalaga na write-off sa bahagi ng singil na may pananagutan ka. Kung ang kinikita mo ay mas mataas sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan ngunit hindi lampas sa 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaari kang makatanggap ng diskuwento sa sliding scale. Ang mga pasyenteng karapat-dapat para sa tulong pinansiyal ay hindi sisingilin nang mas malaki para sa karapat-dapat na pangangalaga na mas malaki sa halagang karaniwang siningil sa mga pasyenteng protektado ng insurance. Pakitawagan ang 844-701-9988 para sa higit pang impormasyon o bisitahin ang aming website sa <https://healthcare.ascension.org/financial-assistance/michigan>

#### **Anong mga Serbisyo ang Saklaw?**

Nalalapat ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa pang-emerhensiya at iba pang kinakailangang tulong medikal. Inilalarawan ang mga tuntuning ito Patakaran sa Tulong Pinansiyal. Ang Elective na mga serbisyo ay hindi sa pamamagitan ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal.

#### **Paano ako Mag-a-apply?**

Para mag-apply para sa tulong pinansiyal, kakailanganin mong punan ang nasusulat na aplikasyon at magbigay ng mga pangsuportang dokumento, tulad ng inilarawan sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal at aplikasyon para sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal.

#### **Paano Ako Makahihingi ng Tulong para sa isang Aplikasyon?**

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, paki-kontakin ang aming Customer Service Center sa 844-701-9988.

#### **Paano Ako Makakukuha ng Higit Pang Impormasyon?**

Ang mga Kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal at form ng aplikasyon ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal ay available sa <https://healthcare.ascension.org/financial-assistance/michigan> at sa Departamento ng Mga Serbisyo ng Pinansiyal ng Pasyente. Ang mga Libreng Kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal at Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal ay maaari ring makuha sa pamamagitan ng liham sa pamamagitan ng pagtawag sa 844-701-9988 o pagsulat sa amin sa pamamagitan ng paghiling ng aplikasyon sa pamamagitan ng pagsulat sa PO Box 80278, Indianapolis, IN 46240 o pag-fax sa isang ligtas na fax number 317-981-6312 para sa pagproseso.

#### **Paano kung Hindi Ako Karapat-dapat?**

Kung hindi ka kwalipikadong tumanggap ng tulong pinansiyal sa bisa ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, baka maging kwalipikado ka para sa iba pang uri ng tulong. Para sa higit pang impormasyon, paki-kontakin ang Customer Service Center sa 844-701-9988

Ang mga pagsasalin ng patakaran sa tulong pinansiyal, ang aplikasyon sa tulong pinansiyal at ang buod ng simpleng wika na ito ay makukuha kung hihilingin.